



07/16/2021

Mahal ng Kasapi ng Komunidad:

Kinukupkop ng batas ng state (Air Toxics "Hot Spots" Information and Assessment Act [batas ng information at pagtasa ng mga lugar na may lubos na masamang hangin] noong 1987) ang karaptan ninyong malaman ang mga maaaring panganib sa kalusugan mula sa mga madudumi sa hangin na binubuga ng mga pinanggagalingan ng nagdudungis ng hangin sa inyong kapitbahayan. Ang San Diego County Air Pollution Control [pangangasiwa ng pagdudungis ng hangin] District (APCD) ay ang local na agency ng pamahalaan na nagpapatupad ng inaatas na ito sa batas ng state.

Inaatas sa sumusunod na facility na patalastasan ang lahat ng kasapi sa komunidad sa pook kung saan may maaaring panganib sa kalusugan na lampas sa pang-umpisang antas na tinayo ng APCD Rule 1210.

Pangalan ng Facility: Otay Landfill

Address: 1700 Maxwell Street, Chula Vista

Type of Business: Landfill

Batay sa data sa binubuga sa hangin noon 2013, humiling ang APCD ng Health Risk Assessment (HRA) [pagtasa ng panganib sa kalusugan] mula sa Otay Landfill. Pinapakita ng HRA na pinahintulutan ng APCD noon April 2021, na may mga nakakalason na madudumi sa hangin, unang-una arsenic, na nanggagaling sa pagpapatakbo sa Otay Landfill, na maaaring nagpapataas ng panganib ng cancer sa mga taong nakatira o nagtatrabaho sa pook na may pinakamalaking pagtaas sa bakasakling 33-sa-isang-million na makaranas ng cancer.

Karagdagan sa panganib ng cancer, ipinapakita ng HRA na ang pagkalantad sa ilang nakakalason na madudumi sa hangin, sa kalahatan arsenic at crystalline silica, ay maaaring mauwi sa mas malamang na masamang epekto sa kalusugan. Nang tiyak, pinapakita ng HRA na halos 2 ang Maximum Occupational Chronic Non-Cancer Health Hazard Index [pagtanyang ng pinakamataas na antas sa trabaho ng namamalaging panganib sa kalusugan na hindi cancer].

Kinakalkula ang noncancer health hazard index sa pag-divide ng tinatanyang antas ng pagkalantad sa mga chemical na nanggagaling sa isang facility, ng antas ng pagkalantad na inaakalang magiging sanhi ng mga masamang epekto sa kalusugan. Kung ang hazard index ay mas mababa o pantay sa isa, kung gayon, ang nakalkulang antas ng pagkalantad ay malamang hindi mauwi sa mga masamang epekto sa kalusugan para sa sinumang maramdaming tao, katulad ng mga bata at matatanda.



Pinapahayag ng hazard index na mas mataas sa isa na maaaring may mas mataas na kalamangan ng nakakabahalang masamang epekto sa kalusugan mula sa pagkalantad sa mga nakakalason na madudumi sa hangin. Kinakalkula ang hazard index para sa kapwa matindi (pangsamantala) at namamalagi (pangmatagalan) na pagkalantad sa nakakalason na madudumi sa hangin na nasa mga binubuga ng facility.

Inaatas ng APCD Rule 1210 ang pagpatalastas sa madla kapag mas mataas sa isa-sa-isang-million ang panganib sa cancer, o mas mataas sa 1 ang mga non-cancer health hazard index o tindi ng cancer.

Naghanda ang APCD ng nakalalaking "Program Fact Sheet" [kaalaman sa program] tungkol sa kanilang Air Toxic Hot Spots Program, at isang survey card upang makuha ang inyong mga tanong at pagpuna sa information na pinagkaloob sa patalastas na ito. Kung gusto ninyo ng higit pang information, paki-ganapin at ibalik ang nakalalaking survey card sa APCD, sa buson, 10124 Old Grove Road, San Diego, 92131, o i-email sa apcdengineering@sdcountry.ca.gov.

Para sa higit pang information tungkol sa Air Toxics Hot Spots program ng APCD, paki-makiugnay sa APCD sa 858-586-2600 o sa email sa apcdengineering@sdcountry.ca.gov. Para sa higit pang information tungkol sa facility paki-makiugnay sa Marco Cervantes, Environmental Manager, sa (619) 332-9021 o MCervantes2@republicservices.com.

Taos puso,

A handwritten signature in black ink that reads "Robert C. Reider". The signature is written in a cursive, flowing style.

ROBERT C. REIDER
Interim Air Pollution Control Officer